# Ang Kabanalan ng Diyos

WEEK 4

## WARM-UP

- Ano ang napuntahan mong lugar na pinakamalayo sa kung saan ka nakatira?
- Magkuwento tungkol sa isang bagay na paulit-ulit mong naririnig sa mga magulang o tagapangalaga mo.
- Ano ang isang gawaing bahay kung saan itinuturing ka na "amo," o ikaw ang nasusunod sa bahay n'yo?

## WORD

[1]*Noong taon ng pagkamatay ni Haring Uzia, nakita ko ang PANGINOON na nakaupo sa napakataas na trono. Ang mahabang damit niya ay tumakip sa buong templo.*
[2]*May mga makalangit na nilalang sa gawing ulo niya. Ang bawat isa sa kanila ay may anim na pakpak: Ang dalawang pakpak ay nakatakip sa kanilang mukha, ang dalawa ay nakatakip sa kanilang paa, at ang dalawa ay ginagamit nila sa paglipad.* [3]*Sinasabi nila sa isa't isa: "Banal, Banal, Banal, ang PANGINOONG Makapangyarihan! Ang kapangyarihan niya'y sumasakop sa buong mundo."*

**ISAIAS 6:1–3**

(Basahin din ang **ISAIAS 6:4–8.**)

Ang pangitain ni Isaias tungkol sa Diyos ay nagpakita ng Kanyang kabanalan, kawalan ng kasalanan, at kaibahan sa Kanyang nasirang nilikha. Labis-labis ang kabanalan ng Diyos kung kaya't kinailangang takpan ng mga makalangit na nilalang ang kanilang mukha. Sinasabi nila sa isa't isa na "Banal, Banal, Banal, ang PANGINOONG Makapangyarihan." Ang pagpapahayag na ito ay tumutukoy sa kaibahan ng Diyos. Siya ay hindi tulad ng tao; Siya ay nakahihigit sa lahat. Kapag nakita natin ang ganap na pagkakaiba natin sa ilalim ng kabanalan ng Diyos, ang nararapat lamang na tugon ay ang lumuhod sa Kanyang harapan at sambahin Siya. Nang makita ni Isaias ang kabanalan ng Diyos, dalawa ang kanyang naging tugon.

## 1 Nakita ni Isaias ang kanyang pagiging makasalanan at kawalan ng kabanalan.

*[5]Sinabi ko, "Nakakaawa ako! Tiyak na mapapahamak ako, dahil ako'y may makasalanang labi at naninirahan ako sa piling ng mga taong makasalanan din ang mga labi. At ngayon, nakita ko ang Hari, ang PANGINOONG Makapangyarihan." [6]Pagkatapos, lumipad ang isa sa mga makalangit na nilalang papunta sa akin, may dala siyang baga na kinuha niya sa altar. [7]Inilapat niya ang baga sa aking bibig at sinabi, "Hinipo nito ang iyong bibig, at wala ka nang kasalanan dahil pinatawad ka na."* **ISAIAS 6:5–7**

Sa presensya ng Diyos at ng mga makalangit na nilalang na nagpapahayag ng kabanalan ng Diyos, malinaw na nakita ni Isaias ang kanyang pagiging makasalanan; hindi lamang niya kundi ng lahat ng tao. Naunawaan niya na siya ay nasa presensya ng isang banal na Diyos at alam niya na siya ay nawasak dahil sa kanyang kasalanan. Hindi na niya kayang mabuhay dahil nakita na niya ang pinakabanal sa lahat ng mga banal. Sa kabanalan ng Diyos, makikita din natin kung gaano tayo kaliit, karumi, at kasuklam-suklam. Subalit ipinakita ng Diyos ang Kanyang habag kay Isaias sa pamamagitan ng paglinis sa kanya at pag-alis ng kanyang kasalanan—at ito rin ang ginawa Niya para sa atin. Kailan mo naunawaan ang kabanalan ng Diyos at ang iyong pagiging makasalanan? Paano nito binago ang iyong isipan at paraan ng pamumuhay?

## 2 Tumugon si Isaias sa ipinapagawa ng Diyos.

*Pagkatapos, narinig ko ang tinig ng Panginoon na nagsasabi, "Sino ang susuguin ko? Sino ang lalakad para sa amin?" Sumagot ako, "Narito po ako! Ako ang isugo ninyo."* **ISAIAS 6:8**

Ang ikalawang tugon ni Isaias nang makita niya ang kabanalan ng Diyos ay ang pagkakaroon ng pananabik at ganap na kagustuhang sumunod sa Kanyang komisyon. Nakita niya ang kanyang pagiging makasalanan, at nilinis ng Diyos—ganap na banal sa lahat—ang kasalanang ito. Naging handa si Isaias na tumugon sa utos na ibinigay sa kanya ng Diyos. Ano ang nagiging tugon natin kapag nakikita natin ang kabanalan ng Diyos at ang Kanyang pagmamahal at habag sa paglinis Niya ng ating kasalanan? Paano ka tumutugon sa komisyon ng Diyos?

## APPLICATION

- Ano ang mga bagay na maaari mong gawin araw-araw upang maalala mo ang kabanalan at kadakilaan ng Diyos? Paano ito makakatulong sa pananaw mo sa buhay?
- Ano ang mga bagay na magagawa mo araw-araw upang maalala na ikaw ay ipinanumbalik na ng Diyos sa tamang ugnayan sa Kanya at nilinis na Niya ang iyong kasalanan? Paano ka ngayon mamumuhay sa ilalim ng katotohanang ito?
- Tulad ng pagtugon ni Isaias sa tawag ng Diyos, ano ang tugon mo sa komisyon ni Jesus sa Kanyang mga disipulo sa Mateo 28:19–20?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang dakilang kabanalan, na hindi Siya nagkasala at maaari Niya tayong tubusin. Pasalamatan Siya sa pagpiling linisin ang ating kasalanan at panatilihin ang Kanyang ipinangakong ugnayan sa atin.
- Ipanalangin na hindi ka maging kampante sa pamumuhay, at sa halip ay araw-araw mong aalalahanin ang Kanyang kabanalan at habag na nagkakaloob sa iyo ng pagtubos. Ipanalangin na hindi ka mamuhay nang may paghatol, kundi nang may kapayapaan sa Kanyang ginagawa.
- Hilingin sa Diyos ang kalakasan ng loob at ang kakayahan mula sa Kanyang Banal na Espiritu upang sundin ang Mateo 28:19–20.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2021 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

victory.org.ph